*Inihahandog ng Mailbox Club...*



# EXPLORERS CLUB

## (Mga Manunuklas)

Pangalan

______________________________



**Manunuklas 1**

tgl_Ex1W_20160224.indd 1 2/24/16 10:48 AM

# TALAAN NG NILALAMAN

## MGA ARALIN


1 Ano ang mga Katangian ng Diyos? (Part 1)......................pahina 1

2 Ano ang mga Katangian ng Diyos? (Part 2)....................pahina 9

3 Saan tayo Nagmula?..........................................................pahina 17

4 Sino ang ating Kaaway?......................................................pahina 25

5 Sino ang Ipinangakong Tagapagligtas?...........................pahina 33

6 Buháy si Jesus Ngayon! ........................................................ pahina 41

7 Apat na Tanong ...................................................................... pahina 49

8 Maaari Akong Maging Anak ng Diyos!............................pahina 57

9 Magbabalik si Jesus!............................................................. pahina 65

10 4 na Bagay na Nais ng Diyos na Malaman Ko..............pahina 73

11 Isang Bagong Nilalang kay Cristo.......................................pahina 81

12 Ang Pinakadakilang Regalo ng Diyos............................. pahina 89



**MANUNUKLAS 1:** ISBN 978-1-938041-66-2 www.mailboxclub.org



*Copyright © 2016 Explorers 1 The Mailbox Club International Illustrations by Stephen Bates*

ARALIN 1

# ANO ANG MGA KATANGIAN NG DIYOS? (PART 1)

**Mahal na Kaibigan,**

Nagtataka ka ba kung ano ang mga katangian ng Diyos? Napakadakila Niya at kamanghamangha. Hindi natin malalaman ang lahat ng tungkol sa Kanya. Pero binigyan Niya tayo ng isang kamangha-manghang aklat na nagsasabi sa atin ng tungkol sa Kanya.

**Ano ang aklat na ito?** Ito ang Biblia, ang Salita ng Diyos. Sinasabi sa Biblia na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay. Ginawa Niya ang araw at ang buwan. Ginawa Niya ang di mabilang na bituing kumikislap sa gabi. Ginawa Niya ang mundo. Ginawa niya ang ibon, isda, at mga hayop. Pagkatapos ay ginawa Niya ang unang lalaki at babae.

**Bakit tayo nilikha ng Diyos?** Nilikha tayo ng Diyos para mahalin Siya at para mahalin Niya tayo. Kilala ng Diyos at mahal Niya ang bawat isa sa atin.

**Natutuwa ang Diyos** kapag gusto natin Siyang makilala at mahalin. Ang makilala at mahalin Siya ang pinakamabuti nating magagawa. Ito'y talagang makapagpapasaya sa atin.

**Sa araling ito** ay malalaman natin kung ano ang sinasabi sa Biblia tungkol sa Diyos. May limang mahalagang bagay na matututunan natin tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na lubos na nagmamahal sa atin.





tgl_Ex1W_20160224.indd 1 2/24/16 10:48 AM

# ANG DIYOS
## AY ISANG PERSONAL NA DIYOS

**Iisa lang ang Diyos**—ang tunay at buháy na Diyos. Sabi Niya, “Ako ang PANGINOON, at walang iba…” (Isaias 45:5).

Ang Diyos ay hindi isang “force”. Siya ay isang personal na Diyos na kilala at mahal tayo. Nasisiyahan ang Diyos kapag ginugusto nating mas makilala pa Siya. Higit sa lahat ay gusto ng Diyos na mahalin natin Siya nang buong puso.

# ANG DIYOS
## AY ESPIRITU

**Kahit na ang Diyos ay isang personal na Diyos,** wala Siyang katawan tulad natin. Ang Diyos ay espiritu. Hindi natin nakikita ang espiritu. Nang likhain ka ng Diyos, binigyan ka Niya ng katawan. Binigyan ka rin Niya ng espiritu. Nakikita ng ibang tao ang iyong katawan pero hindi ang iyong espiritu.

Ang Diyos ay espiritu sa Kanyang kabuuan. Kaya hindi natin Siya nakikita. Sinasabi sa Biblia, “Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan” (Juan 4:24).

Kahit hindi natin nakikita ang Diyos, Siya nga ang nag-iisang totoo at buháy na Diyos. Nais Niyang makilala natin Siya. Kapag nakilala natin ang Diyos, mamahalin natin Siya. At kapag mahal natin Siya, gugustuhin nating sundin Siya.

# ANG DIYOS
## AY MALUWALHATI

**Sobrang nakakasilaw ang kaluwalhatian ng Diyos** na hindi natin Siya kayang tingnan. Hindi natin matagalang tingnan ang araw kapag matindi ang sikat. Nasasaktan ang ating mga mata. Maaari tayong mabulag kung tititig tayo nang matagal sa araw.

**Ang kaluwalhatian ng Diyos ay mas nakasisilaw kaysa sa araw.** Sinabi ng Diyos, “Hindi mo maaaring makita ang aking mukha; sapagkat hindi ako maaaring makita ng tao at siya’y mabubuhay” (Exodo 33:20).

**May sinasabi ang Biblia tungkol sa isang lalaki na ang pangalan ay Moises.** Siya ay isang espesyal na kaibigan ng Diyos. Nakipag-usap siya sa Diyos, at marami ring beses na nakipag-usap sa kanya ang Diyos. Pero kailanman ay hindi niya nakita ang Diyos.



Minsan, may isang hiniling si Moises sa Diyos. Ang sabi niya, "…ipakita mo sa akin ang iyong kaluwalhatian" (Exodo 33:18).

**Sinabi ng Diyos kay Moises,** "Hindi mo maaaring makita ang Aking mukha; sapagkat hindi ako maaaring makita ng tao at siya'y mabubuhay... aking ilalagay ka sa isang bitak ng bato, at tatakpan kita ng Aking kamay hanggang sa ako'y makaraan."

**Umakyat si Moises** sa bundok na nag-iisa. Itinago siya ng Diyos sa pagitan ng mga bato. Dumaan ang kaluwalhatian ng Diyos sa harapan ni Moises samantalang nasa pagitan siya ng mga bato. Hindi nakita ni Moises ang Diyos, ngunit nakita niya nang bahagya ang kaluwalhatian ng Diyos, at dahil dito ay naging maningning tulad ng araw ang kanyang mukha.

**Nang bumaba si Moises** sa bundok, nakakasilaw ang kanyang mukha kaya natakot ang mga tao. Hindi nakapagtatakang nasabi ni Moises sa kanyang awit ang ganito, "Sinong tulad mo, O PANGINOON, sa mga diyos? Sinong gaya mo, dakila sa kabanalan, nakakasindak sa maluluwalhating gawa, na gumagawa ng mga kababalaghan?" (Exodo 15:11).

# ANG DIYOS
## AY BANAL

**Ang Ibig sabihin nito ay ang Diyos ay dalisay, walang kapintasan** at walang anumang kasalanan. Sa Biblia, kung minsan ang salitang dilim ay tumutukoy sa kasalanan. Ganito ang sinasabi sa Biblia patungkol sa Diyos, "…ang Diyos ay liwanag, at sa kanya'y walang anumang kadiliman (walang kasalanan)" (1 Juan 1:5).

**Ang Diyos ay liwanag at kaluwalhatian.** Ang Diyos ay dalisay. Hindi Siya nagkasala kahit minsan. Ang lahat ng gawin ng Diyos ay mabuti at tama. Walang makasalanang makalalapit sa presensya ng Diyos. Sinasabi sa Biblia, "…ang PANGINOON nating Diyos ay banal" (Awit 99:9).


**Minsan, nagsalita ang Diyos kay propeta Isaias** sa pamamagitan ng isang pangitain. Ang pangitain ay parang isang panaginip. Nakita niya ang Diyos na nakaupo sa Kanyang trono. Maraming anghel sa palibot ng trono ng Diyos. Nagpupuri sila sa Kanya at sinasabi nila, "Banal, banal, banal ang PANGINOON ng mga hukbo; ang buong lupa ay puno ng kanyang kaluwalhatian" (Isaias 6:3).

**Nang makita ni Isaias ang pangitain,** natakot siya. Nakita niya na siya ay makasalanan at ang Diyos ay banal.





tgl_Ex1W_20160224.indd 3 2/24/16 10:48 AM




# ANG DIYOS AY PAG-IBIG

**Ang ibig sabihin nito ay mahal tayo ng Diyos** at gusto Niya ang pinakamabuti para sa atin.

**Paano natin malalaman na mahal tayo ng Diyos?** May dalawang paraan:

- **Malalaman natin dahil ito'y sinabi Niya.** Sinasabi ng Diyos sa Kanyang Salita, "Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig" (Jeremias 31:3).
- **Malalaman natin dahil ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak** upang mamatay para sa atin.

**Ipinakita ng Diyos ang kanyang dakilang pagmamahal sa atin** nang ibigay Niya ang Kanyang Anak na si Jesus upang mamatay sa krus para pagbayaran ang ating mga kasalanan—ang masasamang bagay na sinabi at ginawa natin. Sinasabi sa Biblia, "pinatutunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin" (Roma 5:8).

**Maaaring iniisip mo,** "Alam kaya ng Diyos ang lahat ng masasamang sinabi at ginawa ko?" Oo, alam ng Diyos ang lahat ng mga iyon, pero mahal ka pa rin Niya.

**Namatay ang Panginoong Jesus para pagbayaran ang parusa sa ATING mga kasalanan.** Pero hindi Siya nanatiling patay. Nabuhay Siya muli sa ikatlong araw. Siya ang ating buháy na Tagapagligtas! Gusto ng Diyos na maniwala ka na namatay Siya para pagbayaran ang parusa sa iyong mga kasalanan at nabuhay Siyang muli para maging Tagapagligtas mo.

**Alam mo ba kung ano ang higit na gusto ng Diyos mula sa iyo?** Ang mahalin mo Siya nang buong puso!

**Natutuwa ang Diyos** kung mamahalin mo Siya nang buong puso. Si Haring David, isang dakilang tao ng Diyos, ay nagpasyang mahalin Siya. Sinabi niya, "Iibigin kita, O aking Panginoon!" Ikinatuwa ito ng Diyos. Matutuwa rin Siya kung mamahalin mo Siyang tulad ng pagmamahal sa Kanya ni Haring David. Narito ang isang panalanging makakatulong sa iyo:

**"Mahal na Panginoon, gusto ko pong mahalin Ka nang buong puso. Tulungan Mo po akong mas makilala Ka pa. Salamat po sa Inyong pag-ibig sa akin. At sa pagbibigay Mo ng Iyong Anak na si Jesus upang mamatay sa krus para sa aking mga kasalanan."**



tgl_Ex1W_20160224.indd 4 2/24/16 10:48 AM




## "PAANO AKO MAGIGING ANAK NG DIYOS?"

**A** – *Aminin mo na ikaw ay makasalanan.*

**B** – *Buong pusong sumampalataya na si HesuKristo ay namatay para sa iyong kasalanan.*

**K** – *Kilalanin at Tanggapin mo si Hesus bilang iyong personal na Panginoon at Tagapagligtas.*

*"Panginoong Jesus, patawarin Mo po ako sa aking mga kasalanan. Naniniwala po ako na Ikaw ang Anak ng Diyos at namatay para sa aking mga kasalanan. Ngayon tinatanggap Kita bilang aking Tagapagligtas."*

# TALATANG DAPAT KONG KABISAHIN







tgl_Ex1W_20160224.indd 5 2/24/16 10:48 AM

# PAGHANAP NG KAYAMANAN

*Gamitin ang "Secret Code" para lutasin ang palaisipan.*








tgl_Ex1W_20160224.indd 6 2/24/16 10:48 AM

# MGA TANONG

## MANUNUKLAS 1 ARALIN 1

**DAPAT GAWIN: Piliin ang tamang sagot—a o b. Isulat sa loob ng kahon ang titik ng tamang sagot.**

**Halimbawa : Ang langit ay isang lugar na**

[ b ]
a. kakaunti ang kasalanan.
b. walang kasalanan.

**1. Ano ang mga katangian ng Diyos?**

[ ]
a. Ang Diyos ay isang "force" na gumagawa ng kabutihan sa *universe*.
b. Ang Diyos ay isang personal na Diyos na kilala at mahal tayo.

**2. Hindi natin nakikita ang Diyos dahil**

[ ]
a. ang Diyos ay Espiritu at hindi makikita ang espiritu.
b. ang Diyos ay napakalayo kaya hindi natin Siya makita.

**3. Sinasabi sa Biblia na ang Diyos ay banal. Ang ibig sabihin nito ay:**

[ ]
a. napakabuti ng Diyos.
b. ang Diyos ay dalisay, walang kapintasan at wala Siyang anumang kasalanan.

**4. Alam nating minamahal tayo ng Diyos dahil**

[ ]
a. ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak upang mamatay para sa ating mga kasalanan.
b. ang nararamdaman natin ay katulad ng nararamdaman Niya.

**5. Higit sa lahat ang nais ng Diyos mula sa atin ay?**

[ ]
a. ibigin Siya nang buong puso.
b. gumawa tayo ng maraming mabubuting bagay para sa Kanya.

Isulat dito ang Talatang
Dapat Kabisahin para sa araling ito:



Isulat dito ang sagot sa
palaisipang Paghanap ng Kayamanan:

Pangalan ______________ Araw ng Kapanganakan ___/___/___ Edad ______ Antas sa Paarlan ______

Magulang ______________________________

Tirahan ______________________________

Lungsod ______________ Probinsiya ______________

# ANG AKING PAGLALAKBAY KASAMA SI JESUS

1 Ano'ng pinakamahalagang bagay ang natutunan mo mula sa araling ito?

2 Mayroon ka bang hindi nauunawaan sa araling ito?

3 Mayroon ka bang espesyal na pangangailangan o mga kahilingan sa panalangin?

4 Hinihikayat ka naming magsimula ng isang talaarawan. Isulat ang iyong mga dalangin, papuri at pasasalamat sa Diyos!



tgl_Ex1W_20160224.indd 8 2/24/16 10:48 AM

the Mailbox Club

www.mailboxclub.org